# Ujós

V. 2, Abril 1983



# ULOS

Taon V, Bilang 2
Abril 1982

## NILALAMAN

Editoryal

ANG BAGONG HUKBONG BAYAN
AT ANG PAGYABONG NG REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN 2

Komiks

MILISYANG BAYAN 3

Isnayling

ANG PAGPUPULTAYM SA BAGONG HUKBONG BAYAN 13

Kwento

PAGTATAGPO ni Nadya Arroceros 19

Tula

KAMANTIGI SA GUBAT ni Ka Viejo 23
KALAYAAN AT BURONG BIYA ni G. Granate
ALAY ng isang kaibigan at kasama

Paggunita

MANG-AAWIT NG REBOLUSYON 27

Kwento

KABANBANUAGAN ni Kristri 29

Komiks

PARTISANO 36

Sining at Panitikan sa Sonang Gerilya

ISA RING HUKBONG PANGKULTURA
ANG BAGONG HUKBONG BAYAN 41

**SA PABALAT**

Ang milisyang bayan ay binibigyan ng pagsasanay ng Bagong Hukbong Bayan para papaghusayin ang kanilang paglahok sa armadong pakikibaka.

EDITORYAL

# ANG BAGONG HUKBONG BAYAN AT ANG PAGYABONG NG REBOLUSYONARYONG SINING AT PANITIKAN

SA PAPAUNLAD na mga larangang gerilya ng Bagong Hukbong Bayan sa buong kapuluan ngayon, masiglang yumayabong ang rebolusyonaryong sining at panitikan na nagsusulong sa armadong pakikibaka at kilusang masa laban sa diktadurang rehimen ng pangkating EU-Marcos.

Paparami at papahusay ang likhang sining at panitikang lumalaganap sa sonang gerilya. Ito ay likha, hindi na lamang ng mga rebolusyonaryong artista't manunulat, kundi rin ng mga Pulang mandirigma, kadre ng Partido Komunista ng Pilipinas at aktibistang manggagawa't magsasaka.

Ang luma at bagong porma ng sining at panitikang popular o tradisyonal sa kulturang masa ay binibigyan ng rebolusyonaryong nilalaman mula sa mayaman, buhay at kongkretong karanasan ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa.

Mula hilaga patimog, masigla ang pagpapalitan at pagpapalaganap ng mga likhang sining at panitikang tunay na sumasalamin sa pambansang pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa kalayaan at demokrasya.

May mahalagang papel ang Bagong Hukbong Bayan sa pagpapasigla sa paglikha, pagpapalaganap at pagpapaunlad ng sining at panitikang tumutugon sa pangangailangan ng armadong pakikibaka at kilusang masa.

Ang matagalang digmang bayan ay nakatuon sa pagwasak, hindi lamang sa pampulitika't pang-ekonomyang paghahari ng imperyalismong EU, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa buong bayan, kundi rin sa reaksyonaryong kulturang nagsisilbi sa pagpapanatili nito.

Habang dinudurog ang kulturang pasista, pyudal at burges kasabay ng mga batayan nito sa pulitika at ekonomya, ay nililikha naman ng nagaalsang sambayanan ang isang kulturang pambansa, syentipiko at pangmasa na nagsusulong sa rebolusyonaryong pagbabago.

Taglay ng mga awit, tula, maikling dula, dagli, komiks at iba pang porma ng popular at tradisyonal na sining at panitikan ang mga bagong kaisipan, damdamin at karanasang nagbubuklod sa isip at puso ng sambayanan para sa tagumpay ng rebolusyon.

Sa gawaing militar at gawaing masa ng Bagong Hukbong Bayan, ang sining at panitikang ito ay instrumento sa pagpapalawak, pagpapakilos at pagpapatatag ng mga rebolusyonaryong pwersa at masa.

Sa hanay ng mga Pulang mandirigma, ang mga likhang nagsasalamin ng rebolusyonaryong disiplina, sakripisyo, katatagan at pag-asa sa tagumpay ng rebolusyon ay bahagi ng pagpupulong para sa pampulitikang edukasyon, pagsasanay-militar, paghahanda sa operasyong militar, paglalagom ng karanasan o pagpaparangal sa mga rebolusyonaryong martir.

Ang mga pangkulturang pagtatanghal ay pinaghahandaan ng mga Pulang mandirigma, kadre ng Partido at aktibistang masa laluna sa mga araw na dakila sa kasaysayan ng BHB at PKP. (Nasa p. 28 ang karugtong)

# Milisyang Bayan






SINAMANTALA NG MGA PULANG MANDIRIGMA AT MILISYANG BAYAN ANG KALAMANGAN NILA SA BILANG PARA MANGIBABAWAN ANG NAPAKALALAKAS NA ARMAS NG REAKSIYONAR-YONG TROPA. MAY BENTAHE RIN SILA SA POSISYON PARA SA PAISA-ISANG PAGDUROG SA NABIGLANG KAAWAY.
SA OPERASYONG MILITAR NA ITO, NAKAMIT NG BAGONG HUKBONG BAYAN SA SAMAR ANG KANILANG KAUNA-UNAHANG MALALAKAS NA RIPLENG M-16, BUKOD PA SA MGA BALA'T KAGAMITANG MILITAR.
NAG-ALAY NG BUHAY ANG ISANG MILISYA, SI KA NANI. BAGAMAT PUTOL ANG ISA NIYANG BRASO, HINDI ITO NAKASAGABAL SA PAGLAHOK NIYA SA ARMADONG PAKIKIBAKA NG MGA URING ANAKPAWIS.


HINDI MAIHIHIWALAY ANG MILISYANG BAYAN SA KASAYSAYAN NG PAG-UNLAD NG DIGMANG GERILYA SA SAMAR. MGA MAGSASAKA ANG KASAPI NG MILISYA. PATULOY SILANG NAGSASAKA SA BUKID AT PANA-PANAHO'Y KUMIKILOS BILANG MGA GERILYA. MAY DALAWA HANGGANG APAT NA ISKWAD NG MILISYA SA BAWAT BARYONG SAKLAW NG MAUUNLAD NA SONANG GERILYA.
BAGO PA DUMATING SA SAMAR ANG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS AT BHB, NAAARMASAN NA ANG MGA MAGSASAKA, LALUNA YAONG NAGKAKAINGIN AT NANINIRAHAN SA LIBLIB NA LUGAR.
SULO
PANA
DE KUPLING O DOBLE-O
GAMIT NILA ANG KATUTUBONG ARMAS SA PANGANGASO SA GUBAT AT PANGINGISDA.
PANGDEPENSA DIN ANG ARMAS SA PANG-AABUSO NG MGA BANDIDO'T MANGANGALABAW.
SA MGA KATUTUBONG ARMAS, PINAKAMALAGANAP ANG PUGAKHANG, RIPLENG YARING-KAMAY. TINATAWAG DIN ITONG DE-SIBA, RIZAL O POSPORO. ANG LAKAS NG RIPLENG ITO AY NAKABATAY SA DAMI NG POSPORONG INILALAGAY. PARA ITONG SHOTGUN KUNG GUMANA.
ITO ANG KARANIWANG SANDATA NG MILISYA.
AT
ITIM NG POSPORO
ITIM NG POSPORO
PAKO BILANG FIRING PIN
GOMA BILANG SPRING
PAPEL
BINABAYO NG KAHOY
TINGGANG BULITAS
PAPEL
PUGAKHANG


ANG PAGBUBUO NG MGA YUNIT MILISYA AY NAKAPAGBAWAS NG GAWAING LOKAL NG MGA BUONG PANAHONG YUNIT GERILYA PARA MAHARAP NITO ANG PANGUNAHING TUNGKULING DURUGIN ANG REAKSYONARYONG ARMADONG LAKAS. PINANGANGALAGAAN NG MILISYA ANG MGA REBOLUSYONARYONG SAMAHAN NG MAGSASAKA, KABABAIHAN AT KABATAAN LABAN SA MGA ISPYA'T MASASAMANG ELEMENTO.
KASAMA SILA NG KAPWA MAGSASAKA SA PAKIKIPAGKUMPRONTASYON SA PANGINOONG MAYLUPA PARA IGIIT ANG KAHILINGAN NG SAMAHAN NG MAGSASAKA.
PINANANATILI NILA ANG REBOLUSYONARYONG KATAHIMIKAN AT KAAYUSAN SA BARYO. PINAGPAPAYUHAN NILA ANG MGA TAUMBARYONG MAY MASASAMANG GAWI O BISYO PARA MAGBAGO.
KATULONG SILA SA PANGANGALAP NG SUPORTA NG MASA PARA SA PANGANGAILANGAN NG REBOLUSYONARYONG KILUSAN.

YUNIT PANLABAN NG BAGONG HUKBONG BAYAN ANG MILISYA. KALAHOK SILA SA KAMPANYANG MILITAR. MATA'T TENGA SILA NG HUKBONG BAYAN. MINAMANMANAN NILA ANG KILOS NG KAAWAY SA LOOB NG BARYO AT NANGANGALAP NG DATOS SA MGA TARGET MILITAR NG HUKBONG BAYAN.




SILA ANG TAGA-HATID NG SUPLAY AT KAGAMITAN NG MGA BUONG-PANAHONG GERILYA.




SA SUNOD-SUNOD NA MGA TAKTIKAL NA OPENSIBA NG HUKBONG BAYAN, ANG MILISYA'Y DAGDAG NA LAKAS NG PWERSANG PANALAKAY.



NILALANSI NG MGA PULANG MANDIRIGMA AT MILISYA ANG KAAWAY PARA MAKAKUMPISKA NG ARMAS NANG HINDI NAGPAPAPUTOK. SA REYD SA MGA MUNISIPYO NG SAN POLICARPIO AT ARTECHE SA SILANGANG SAMAR, NAGSUOT NG UNIPORME NG PASISTANG SUNDALO AT PINAGMISTULANG ARMALAYT ANG KANILANG PUGAKHANG.




SA AMBUS, HABANG PINAPAPUTUKAN NG MGA PULANG MANDIRIGMA ANG MGA PASISTANG TROPA AY "NAGLILINIS" NAMAN ANG MILISYA NG RIPLE, BALA AT IBA PANG GAMIT MILITAR NG KAAWAY.
EXPLOSIVE
ANG MGA NAKUMPISKANG ARMAS AT GAMIT NG KAAWAY AY BINUBUHAT NG MILISYA SA PAG-ATRAS.
SILA RIN ANG UMAALALAY SA MGA KASAMANG SUGATAN AT BUMIBITBIT NG MGA ARMAS NITO. SA GANITO'Y HINDI NABABAWASAN ANG LAKAS-PUTOK NG MGA PULANG MANDIRIGMA.
BILANG KURYER, BINABAGTAS NILA ANG PATAG AT BUNDOK, ARAW MAN O GABI, PARA SA MAHUSAY NA DALOY NG KOMUNIKASYON SA LOOB NG SONA, LALUNA SA PANAHON NG KAMPANYANG "PAGKUBKOB AT PAGLIPOL" NG KAAWAY.
GIYA SILA NG MGA PULANG MANDIRIGMA AT KADRE NG PARTIDO SA PAGPASOK O PAGLABAS SA BARYO O KAYA'Y SA PAG-ATRAS PARA IWASAN ANG KAAWAY.


HANPANG MAGSAGAWA NG AKSYONG MILITAR ANG MILISYA PARA IPAGTANGGOL ANG MASA SA PANG-AABUSO'T PANGGUGULO NG MGA PASISTANG TROPA. MULA SA MAIINAM NA POSISYON AY NAG-IISNAYPING SILA PARA BULABUGIN ANG MGA OPERASYONG MILITAR NG KAAWAY. NAIIWASAN NILA ANG GANTING AKSYON NG KAAWAY DAHIL SA KAALAMAN NILA SA KALUPAAN.
SA HIPAPAD, SILANGANG SAMAR, ISANG PLATUN NG KAAWAY ANG BIGLANG SUMALAKAY. ISANG BAHAY NG MAGSASAKA ANG PINAULANAN NG BALA AT DINAMBONG ITO PAGKATAPOS. NAG-ISNAYPING ANG ISANG MILISYA. MULA SA TAGO AT MATAAS NA POSISYON, PINUNTIRYA NIYA ANG ISANG NAPAHIWALAY NA TROPA.
NAKUHA NIYA ANG ARMALAYT NG NABUWAGTANG SUNDALO BAGO DUMATING ANG SAKLOLO. PINUNTIRYA NIYA ANG SUMUSUGOD NA KAAWAY; DALAWA ANG AGAD NIYANG NAHAGIP AT ANG IBA'Y NAGPANAKBUHAN AT NAGTAGO.
HINDI PA NAKAGAGANTING PUTOK ANG KAAWAY AY NAGLAHO NA ANG MILISYA SA KAGUBATAN, DALA-DALA ANG NAKUMPISKANG ARMALAYT.


MARAMI NANG ARMAS ANG NAPALILITAW NG MILISYANG BAYAN PARA SA PULANG HUKBO. NAGPAPANGKAT-PANGKAT SILA MULA 2 HANGGANG 5 KATAO PARA MAGLUNSAD NG MGA OPERASYONG ISPAROW O SIMBAD. NILALANSI, DINIDIS-ARMAHAN O INAAGAW NILA ANG BARIL NG NAG-IISA O NAPAHIWALAY NA TROPA NG KAAWAY.
SA BARYO BUKID-BUKID, PALAPAG, HILAGANG SAMAR, NAKIPAGSUSUGAL SA ISANG PAPET NA SUNDALO ANG MILISYA AT IBA PANG TAUMBARYO.
HABANG NAGSUSUGAL, NATAWAG ANG PANSIN NG SUNDALO NG DUMARAANG EROPLANO.
SINAMANTALA NG MILISYA ANG PAGKAKATA-ONG YON PARA SUNGGABAN ANG ARMALAYT NG SUNDALO.
GINAPOS NG MILISYA ANG NATULIRONG SUNDALO AT INIWAN SA HARAP NG NATU-TUWANG MAMAMAYAN.


BUKOD SA ISNAYPING ... SIMBA
NAGSASAGAWA DIN NG AMBU
ANG MILISYANG BAYAN KAHIT
NAAARMASAN LANG NG ...
SA AMBUS SA BARYO ...
PAMBUJAN, HILAGA...
SAMAR, APAT NA SUNDALONG
PAPET ANG NAPATAY ...
BILANG ANG KANILA...
GIYA, AT MARAMI...
SUGATAN.
SA KANLURANG SAMAR NAMAN,
SINUNOG NG MILISYA ANG KAMPO
NG KAAWAY HABANG SILA'Y NASA
ISANG MISYON. ABO NA LANG NG
KAMPO ANG KANILANG NAUWIAN.
ANG PAGBUBUO ... YUNIT
MILISYA AY ISA SA MAHA
HALAGANG TUNGKULIN NG
BHB. BINIBIGYAN NG PAGSA-
SANAY MILITAR ANG MILISYA
PARA PATAASIN ANG KANILANG
KAKAYAHAN SA PAGLABAN.
RESERBANG PWERSA NG
BHB ANG MILISYA!
HINUHUGOT MULA SA
KANILANG HANAY ANG
MARAMING BUONG
PANAHONG PULANG
MANDIRIGMA.

SA MAHIGPIT NA GABAY NG PARTIDO KOMUNISTA NG PILIPINAS, PINALALAWAK AT PINATATATAG ANG MILISYANG BAYAN PARA HIGIT PANG MAPALAKAS ANG PAGKILOS NITO SA GAWAING MILITAR, PAGPAPANATILI NG SEGURIDAD AT KAAYUSAN SA BARYO AT SA PAG-OORGANISA'T PAGPAPAKILOS SA MASA.




ANG MGA PULANG MANDIRIGMA AT MILISYANG BAYAN AY PINAPANDAY NG LABANAN AT PINASISIGLA NG KANILANG MGA TAGUMPAY SA PAGSUSULONG NG ARMADONG PAKIKIBAKA SA KANAYUNAN. SA SAMAR AT SA IBA PANG LUGAR SA BUONG KAPULUAN, ANG PAG-UNLAD NG DIGMANG GERILYA AY NAKASALALAY SA PAGPAPAKILOS SA MALAWAK NA MASA NG SAMBAYANAN.



# ANG PAGPUPULTAYM SA BAGONG HUKBONG BAYAN



(Ang ismayling ay tradisyonal na porma ng awit na napakapopular sa mga magsasaka sa Samar.

Sa pagkanta ng ismayling, dalawang tao ang nagsasagutan para ilinaw ang mga paksang kadalasa'y nakalilibang sa masa, halimbawa'y tungkol sa pag-ibig, pagsasaka at iba pa. Tampok ang ismayling sa pagsasaya ng mga magsasaka pagkatapos ng maghapong paggawa sa bukid, laluna sa panahon ng pagtatanim at anihan.

Hindi lamang kinakanta ang ismayling; ito ay isinasayaw din sa saliw ng bandolina at gitara.

Sa pag-unlad ng armadong pakikibaka at kilusang masa sa mga larangang gerilya sa Samar, lalong sumigla ang paggamit ng ismayling bilang popular na porma ng rebolusyonaryong propaganda. Ngayon, higit itong mayaman sa nilalamang nakapagpapamulat at nakapagpapakilos sa masang magsasaka.

Ang ismayling ay bahagi ng lumang kulturang pyudal sa kanayunan ng Samar. Patuloy itong umuunlad ngayon bilang bahagi ng bagong kulturang nagsusulong sa pambansa at demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.)

* * *

Sitwasyon: Katatapos lang magtanim ng palay ang mga magsasaka. Pauwi na sila para kumain at manabako sa bahay ng nagpatanim. Sa bahay, isang babaeng may katandaan na ang nagpahayag ng pag-aalinlangan tungkol sa pagpupultaym ng kanyang anak sa Bagong Hukbong Bayan.

I.

SELAY: Malawak ang natamnan mo.
Kung di lang umakyat ang anak ko,
Siguro'y malawak din
Ang natamnan namin.

AMBO: Pastilan gad uday, huwag namang ganyan,
Mga binigkas mo'y pag-isip-isipan;
Hindi aakyat, mga anak natin
Kundi para sa paglaya sa paghihirap natin.

II.

SELAY: Alasti man udoy, napakahirap lang talaga,
Ako'y mahina, heto't tumatanda na;
Sa pagpapalaya'y ano ang inuuna,
Di ba ang pamilya bago pa ang iba?

AMBO: Mga nakikinig, inyong ipagpaumanhin,
Ako ay sasagot kahit lang katiting;
Tayong naririto'y naghihirap, di ba,
Kahit walang anak na sa hukbo'y sumampa?

Sa pagdarahop, tayong maralita'y
Parang nakasakay sa inaanod na bangka;
Pag hindi sumagwa't sa hangi'y sumalubong,
Tayo'y lalagi sa laot at hindi dadaong.

May dahilan ang kalagayang ito,
Inaapakan tayo ng tatlong demonyo;
Paglaya'y di makakamtan kung di lalaban
Kaya ang pagpupultaym, may malaking katuturan.

III.

SELAY: Alasti man udoy, ating siguruhing
Kagalingan nga'y ating maangkin;
Isasalaysay ko, ewan ko kung tumpak,
Sa komunismo raw, gobyerno'y marahas.

Ang kabuhaya'y hahati-hatiin,
Sa pagtatrabaho tayo'y pipilitin;
Ang matatanda raw ay gagawing betsin,
Di makasarili, mga asawa natin.

AMBO: Pastilan gad uday, huwag kang maniwala
Sa mga propaganda ng ating kaaway;
Napakalinaw, di mo ba nakikita,
Kilos ng BaHuBa ay ating patunay.

Di na nga kailangang isa-isahin,
Pag-unlad na dulot ng rebolusyon;
Mapagsamantala'y ating sinisingil,
Reporma sa lupa'y ating isinusulong.

Di ba ang paghahati-hati'y dapat isagawa
Sa lupang inangkin ng mga panginoong maylupa?
Ninanais nati'y makakamtan sa huli, kung gayon,
Kaya ang pangamba'y di mo na dapat pang ituloy.

Kung baga sa paghahambing,
Tayo ang nagtanim, iba ang kumain;
Tinitiis nati'y malaking pagkauhaw,
Samantalang kaharap nati'y isang bukal.

IV.

SELAY: Kumbinsido ako sa sinabi mo,
Malaki ang naitulong nitong ating hukbo;
Mayroon pa nga lang akong kalituhan,
Sasabihin ko na para mapaliwanagan.

Papaano ba, ang tanong ko sa inyo,
Ang pagpapabagsak sa ating kabangga?
Sila'y edukado't armadung-armado
Kung ihahambing sa kahit sinong maralita.

AMBO: May isasagot ako, kaya lang mahaba,
Ibabatay ko sa ating nakikita;
Di ba nananalo ang ating BaHuBa?
Kulang nga ng armas pero may taktika!

Idagdag pa rito ang suporta natin,
Nating malawak na masang nagkakaisa;
Ang digma'y isang pagpapatunay ding
Tao at di baril ang mapagpasya.

Digmang baya'y ating isusulong,
Ang kaibigang uri'y ating pakikilusin;
Mga naghahari'y ihihiwalay natin
Pagkat sila'ng target nitong rebolusyon.

Kung ang itatanong ay, "Paano
Ang pagtahak sa tunay na landas?"
Nandiya't nakatayo ang ating Partido,
Taga-tanglaw ng landas tungo sa tagumpay.



Sa pagtatapos ko, di ba maibabagsak
Kaaway na malakas at may pinag-aralan?
Sasabihin ko at iparirinig,
Itong huling salita'y inyong limiin.

Kahit pa nga ang kahoy na lawan,
Pinakamataytog na sa kagubatan;
Kung nasa tao ang kapasyahan,
Ito'y pwedeng sintaas lang ng ulasiman.

V.

SELAY: Sa katotohanan, di talaga maiwasan
Ang pesimismo, kung may kalituhan;
Maraming salamat at ako'y nalinawan,
Nagningning ang pagtanaw ko sa 'ting kinabukasan.

Heto't ngayo'y aking natatandaan
Ang inihabilin sa akin ni itay:
Malaking kahoy ma'y mapuputol din
Sa patuloy na pagtaga, kahit may katagalan.

ANG ISMAYLING SA ORIHINAL NA WARAY

## ABER ATON HISGOTAN REBOLUSYON UG PAGPULTAYM

I.

SELAY: Pagkahaluluag han iyo inumhan
Buruhaton na la an paghawanhawan
Kon inen anak ko waray la pagpultaym
Iton amon uma bangin daw sugad man.

AMBO: Pastilan Señora, ayaw susugara
An imo pamulong pagpuropensara
Mga anak naton diri daw masagka
Kon diri pagtalwas han kakurian ta.

II.

SELAY: Alasti man udoy, kamakuri gud la
Kay ako maluya ine kay lagas na
Ngaran nga pagtalwas diin gin-uuma
Di ba ha pamilya san-o la an iba?

AMBO: Despensar ha iyo mga namamati
May ko ibabaton bisan la maguti
Kita nga aanhi di ba nagkukuri
Bisan waray anak aadto nagserbi.

Pobres nga kahimtang hinen kablasanon
Sugad hin sakayan pag-anod-anoron
Di ngani magbugsay han hangin magsungsong
Mapirse ha lawod diri gud maduong.

Inen kasugaran may-ada hinungdan
Tulo nga demonyo kita gintamakan
Diri matatalwas kon di ta atuhan
Sanglit an pagpultaym dako an hinungdan.

III.



SELAY: Aton pagsalaron aton seguruhon
Kon an kaupayan aton maamkon
Akon ilalaygay ambot daw kon tama
Kuno komunista gobyerno pamwersa.

Guti nga hisgi babahinbahinon
Pati pagtrabaho kita pipiriton
Ngani an kalagsan kuno bibitsinon
Pati kaasaw-an di na la kay aton.

AMBO: Pastilan Señora, ayaw gud aasa
Hito nga pasamwak han aton pangontra
Ha pagkamatin-aw di ka ba nakita
Buhat han BaHuBa aton ebidensya.

Diri na ministir tag-usausaon
Durot nga pag-uswag hinen rebolusyon
An magtiyupion nasusuktan naton
Reporma han tuna aton ginsusulong.

Di ban pagbahin angay gud buhaton
Tuna nga gin-amkon han mga agaron
Kun sugad maurhi may pamumulaton
Sanglit an kahulop ayaw ipadayon.

Kon ipapananglit an kahimtang naton
Kita an natanom iba an nakaon
Daw kita naturaw duro nga kauhaw
Balitaw natamod hin usa nga linaw.

IV.

SELAY: Iton imo pulong ako kumbinsido
Duro an tambulig hinen aton hukbo
Mayda pa ugaring ako kagupongan
Akon isusumat basi kasayuran.

Uunanhon ta man ako pakiana
Ngaran nga pagpukan ha aton pangontra
Higtaas an aram hura pa hin armas
Itanding ha aton hin bis ano kablas?

AMBO: May ko ibabaton lugaring hilaba
Akon ibabasar hinen eksperyensa
Di ba nagdadaug an aton BaHuBa?
Kulang man hin armas pero may taktika!

Dugangan pa ine han aton suporta
Haluag nga masa nga nagkaurusa
Hinen aton gera mas ginpapadig-on
Tawo diri armas an magdedesisyon.

Gera han katawhan aton isusulong
An sangkay nga klase aton pagioson
Mga naghahadi ibubulag naton
Kay amo an target hinen rebolusyon.

Kon an pakiana matipaunano
An paghasog naton dalan nga totoo?
Aada natindog an aton Partido
Taglawag han dalan ngat ha kadaugan.

Ha pagtapos ko di ba mapupukan
Kasway pwersado ngan kamag-araman?
Akon aasoyon ngan ipapabati
Urhi nga pamulong iyo pagtiiri.

Bisan pa man ngani kahoy nga lawaan
Aadto ha guba nananawantawan
Kon kanan tawo ka man gud pagbubut-an
Matupong ka gud man hinen ulasiman.

V.

SELAY: Ha kamatuoran diri gud malikyan
Ngaran nga kahulop kon may kagupongan
Damo nga salamat ako naklarohan
Nagpawa an siplat han at katalwasan.

Aadi na yana akon nadudumdom
An kan itay hadto ha akon panugon
Kahoy man nga dako may-ada kapilay
Han tinarutawtaw ha pagkadayuday.



Kwento

# PAGTATATAGPO



PAPASILIP pa lang ang araw sa silangan. Sa haywey, nagsisimula nang magdagsaan ang trak at dyipni na siksik sa produktong ibebenta sa kabayanan.

Humihinto ang sasakyan pagdating sa tsekpoynt. Sigaw at mura ang kay-agang bumubuga sa bunganga ng dalawang sundalong nangingikil sa mga byahero.

Di kalayuan sa tsekpoynt ang kampo ng mga sundalong kabilang sa Ranger Unit ng 52nd PC Battalion sa Samar. Umagang-umaga'y umuugong ang mahaharot na halakhakan sa kampo.

Paminsan-minsa'y namamayani ang katahimikan ng isang bagong umaga sa kanayunan.

Bigla, nabasag ang katahimikan. Mga putok! Tumilapon ang dalawang sundalo sa tsekpoynt. Walang patlang ang angil ng punlo na nakatuon sa mga sundalo sa kampo.

Nirereyd ng mga Pulang mandirigma ang kampo ng kaaway.

Natuliro ang mga sundalong kani-kanila lang ay halos mabaliw sa halakhakan. Hindi nila malaman ang susulingan. Gumanti sila ng putok pero kung saan-saan lumilipad ang kanilang bala. Isa-isa silang nagtimbuwangan. Tumahimik ang kanilang masinggan nang masapul ng mga Pulang mandirigma ang sundalong mayhawak nito.

Parang pinabilis ng mga putok ang pagliliwanag ng araw sa kapaligiran. Tumigil ang

putukan. Ang mga ungol ng mga sugatang sundalo ay tila malalayong putok na halos wala nang bigat pagbagsak sa lupa.

"Sumuko na kayo!"

Makapangyarihan ang tinig na umalingawngaw sa paligid.

"Itapon ang baril at lumabas sa inyong kubo! Walang anumang mangyayari sa inyo! Ang Bagong Hukbong Bayan ang nananawagan sa inyo!"

Walang sumasagot maliban sa daing at ungol na nagmumula sa mga kubo ng kampo.

"Bibilangan namin kayo hanggang tatlo para sumuko! Kundi'y madudurog kayong lahat diyan!"

Hindi pa nakapagsisimula sa pagbilang ang nananawagang team leader ng mga Pulang mandirigma nang may isang tinig na pumailanlang mula sa isang kubo.

"Huwag! Huwag kayong magpaputok!" Tinig-babae. Isa ngang babae ang humahangos na lumabas sa isang kubo at nagtatakbo patungo sa kinaroroonan ng mga Pulang mandirigma.

Walang anumang saplot sa katawan ang babae.

Sinalubong siya ng dalawang Pulang mandirigma. Mabilis nilang ibinalabal sa babae ang isang may kahabaang dyaket. Dinala siya sa team leader.

Inatasan ng team leader ang babae. "Bumalik ka sa kubo at sabihin sa mga sundalong sumuko na sila."

Nanginginig man sa takot ang babae ay bumalik ito sa kampo. Maya-maya'y pahangos siyang nagbalik sa kinaroroonan ng mga Pulang mandirigma.

"Hindi sila makalabas ng kubo," anya. "May tama silang lahat."

Habang pagaralgal na nagsasalita ang babae ay palingalinga siya sa mga kaharap. Sa hanay ng armadong kalalakihan ay napansin niya ang isang babae na may hawak ding baril. Dahan-dahan siyang lumapit dito; nasa mata ng babaeng galing sa kampo ang paghingi ng awa, ng pag-unawa. Napahagulhol siya ng iyak, sabay yakap sa armadong babae. Inalalayan siya ng armadong babae at inalu-alo habang pinapaupo sa nakatimbuwang na sanga.

Nagbigay ng komand ang team leader. Apat na iskwad ang gumapang papalapit sa mga kubo. Mabilang nilang pinagtatabig pabukas ang mga pinto ng kubo. Sa likod nila'y may umaantabay na mga Pulang mandirigma, handa sa anumang mangyayari. Ang mga Pulang mandirigmang pumasok sa mga kubo ay muling lumabas. Sumenyas sila. Nagsilabasan naman sa kublihan ang ilan pang mga Pulang mandirigma, bahagi ng isang kumpanyang panalakay ng Bagong Hukbong Bayan.

Inilabas ng mga Pulang mandirigma ang mga sugatang tropa at maingat na inihilera sa isang panig ng kampo.

Takot na takot ang nabihag na mga sundalo. "Sir..." nagmamakaawa ang kanilang tinig at mukha. "Sir...huwag n'yo po akong patayin! Ayoko pang mamatay! Sir...."

Pinanatag ng mga Pulang mandirigma ang kanilang kalo-

oban. "Huwag kayong mag-alala," anila. "Hindi namin gagawin sa inyo ang ginagawa ninyo sa amin nang kami'y inyong nabihag."

Idiniin ng isang Pulang mandirigma: "Y- huwag n'yo kaming tawaging Sir! Huwag n'yo kaming itulad sa inyong mga superyor. Kami'y mga kasama, ang tawag sa ami'y kasama!"

Isang sundalong may tama sa tuhod ang nagmamakaawa: "Ka...sa...ma.... Gamutin ninyo ako, kasama!"

Nilapitan siya ng isang Pulang mandirigma na may dalang first aid kit. Nilagyan ng pansamantalang gamot ang sugat. Gayon din ang ginawa sa iba pang sugatang sundalo.

Hinakot naman ng iba pang Pulang mandirigma ang mapapakinabangang gamit-militar na nasa mga kubo ng kampo at mabilis nilang iniatras ang mga ito.

Samantala'y nagpakilanlan naman ang dalawang babae: si Ka Lumeng, ang armadong babae, at si Rosa.

Magkahalong takot at hiya ang mababakas sa mga mata ni Rosa.

Nagtanong si Ka Lumeng: "Bakit, paano ka napunta rito sa kampo?"

Kalung-kalong ni Ka Lumeng ang kanyang baril at nakiupo na rin sa nakatimbuwang na sanga. Malumanay ang kanyang pagsasalita.

"Dinala ako nina tenyente rito." Pasinghut-singkot si Rosa habang nagsasalita. "Mula sa pinagtatrabahuhang birhaws sa bayan, dinala nila ako rito kahit hindi ko gusto."

Nasa talukap pa ng mga mata at gilid ng mukha ni Rosa ang bakas ng makapal na mek-ap. Bukas at mahinhin ang mukha ni Rosa kung walang maskara ng maharot na hanapbuhay.

Birhaws.

Pamilyar kay Ka Lumeng ang birhaws. Bumalik sa kanya ang nakaraan habang nagkukwento si Rosa. Ang buhay ni Rosa sa birhaws ay dinaanan din ni Ka Lumeng.

Tulad ni Rosa, iniwanan din ni Ka Lumeng ang kanyang mga magulang at kababaryo para tuparin ang kanyang mga pangarap. Bago dumating ang rebolusyonaryong kilusan sa kanilang lugar, iisa ang pangarap ng kabataan sa kanilang liblib na baryo: ang makarating sa syudad, makibahagi sa kinang ng salaping umaapaw sa syudad. Ito ang laman ng mga komiks na kanilang nababasa paminsan-minsan at ito rin ang naging laman ng kanilang mga pangarap.

Nagweytres si Ka Lumeng sa isang birhaws sa syudad. Sa simula'y nasisiyahan na siya sa kanyang trabaho. Binubulyawan man siya ng mga parokyano'y nakangiti pa rin siya. Mababa ang kanyang sweldo pero marangal naman ang trabaho. Ito ang pakunswelo niya sa sarili kapag namamahinga sa isang madilim na kwartong kanyang inuupahan. Hindi siya tulad ng iba, nagbebenta ng katawan para kumita ng malaki.

Gayunman, dumating ang panahong hindi na siya makata-

gal sa birhaws. Malilikot ang kamay ng mga lasing, matatabil ang dila, ipinatatakam sa kanya ang kanilang salapi kapalit ng isang gabi sa motel.

Mabilis siyang nagpasya. Bumalik siya sa kanilang nayon.

Madalas nga niyang masabi noon sa sinumang taga-baryong mag-usisa sa kanyang naging buhay sa syudad: "A, di na baleng amoy-lupa ako o amoy-kalabaw, huwag lang malublob sa pusalian ang aking pagkababae!"

Bumalik siya sa kanyang trabaho sa bukid. Nang dumating ang mga Pulang mandirigma sa baryo ay nagsimula siyang kumilos. Tumulong siya sa pag-oorganisa sa hanay ng kababaihan, sa pagpapasigla ng mga aksyong masa ng kapwa niya magsasaka, hanggang sa sumampa siya sa Bagong Hukbong Bayan.

Poot at awa ang namamayaning damdamin ni Ka Lumeng habang pinagmamasdan si Rosa. Poot sa mga "unggoy" na ngayo'y naglipana sa Samar. Hindi lamang sila nagmamasaker, nanunugnog, nandarambong. Pati mga bisyo'y ipinalalaganap nila: alak, sugal, bahay-putahan na nangwawasak ng puri ng mga babae sa kanayunan. Poot sa kaaway, at awa sa mga babaeng tulad ni Rosa....

"Huwag ka nang bumalik sa birhaws, Rosa!" Madiin ang tinig ni Ka Lumeng.

Nagpaliwanag siya.

"Tulad mo rin ako noon," anya, "nagtatrabaho sa birhaws. Hindi ako nakatagal doon." At isinalaysay niya ang kanyang naging buhay sa syudad, ang mandarayang kinang ng syudad;



ang birhaws, ang pandurusta sa mga babae sa birhaws.

"Wala sa syudad ang kalutasan ng ating mga pangarap para sa magandang buhay. Wala sa ating hiwa-hiwalay at pansariling pagsisikap. Kaya nga ako sumanib sa Bagong Hukbong Bayan ay para matupad hindi lamang ang pangarap ko kundi ang pangarap ng lahat ng mahihirap, tulad natin."

Nagpatuloy si Ka Lumeng: "Sa pamamagitan ng armadong rebolusyon, hahanguin natin ang sambayanan sa api't pinagsasamantalahang kalagayan. Itatayo natin ang lipunang ang mga babae'y may dangal, hindi pinagsasamantalahan, hindi naglalako ng katawan para mabuhay."

Tumaginting ang komand ng team leader para sa pag-atras ng buong pwersang panalakay.

"Sige, Rosa," ang pamamaalam ni Ka Lumeng. Mahigpit niyang hinawakan ang kamay ni Rosa. "Huwag ka nang bumalik sa birhaws. Bumalik ka sa inyong baryo." Isinabalikat ni Ka Lumeng ang kanyang riple. (Nasa p. 24 ang karugtong)



Tula

# KAMANTIGI SA GUBAT

Walang sinumang nagtatanod sa iyong kagandahan,
Sa buong mundo, ang iyong bango'y humahalimuyak,
Sa magsasaka at makata, dulot mo'y ginhawa sa pagkahapo,
Palamuti ng gubat.

Umiindak ka sa awit ng mga sapa,
Umiindayog kasabay ng hangin,
Ang kumot mo'y bigay sa iyo ng langit,
At ang uhaw mo'y pinapawi ng hamog.

Sa isang iglap, ligaya mo'y naglaho,
   Ang paraiso ng iyong kalupaa'y
      Dinurog ng dayuhan...

Hangad ng malalakas
   Na hubdan ka ng iyong mga dahon!
Hangad ng tampalasan
   Na yurakan ang iyong lilim!

Huwag maligalig, magandang Kamantigi sa Gubat,
Batid ng mga bituin ang iyong giting,
Sanay ka sa panglaw ng kaigangan,
Walang sukat ikatakot sa banta ng kaaway.

Suhayan mo ang iyong giting, magandang punong gubat,
Harapin ang bagong araw na sisikat sa silangan,
Tunghayan ang liwanag na humahaplos sa iyong mga pisngi,
Hagkan ang mapulang bukas na kagigisnan ng iyong mga usbong!

--Ka Viejo

(Ang tulang "Kamantigi sa Gubat" sa orihinal na waray:)

## KAMANTIGI HA GUBA

An imo katahum, waray nag-ataman,
An imo alimyon, tal-mhut ha kalibutan,
Ha parag-uma ngan paragpanula liaw ka ha kapagalan,
Ha kagugub-an rayandayan.

Haganas han mga sapa maribhong ka nga nakikisayaw,
Harupoy han hangin ikaw nagduyanduyan,
Taklap ha imo pagkaturog burong hinen kalangitan,
Lagdo han mga tun-og irimnon ha imo kauhaw.

Kalipay mo waray magdayon,
   Himaya nga unob hinen imo tuna,
      Ha mga langyaw ginbalga...

Lapyo mo nga mga dahon,
   Ha mabangis buot ragason!
Kukom mo nga mga bukad,
   Ha mga talampasan buot runuson!

Ayaw kahulop maanyag nga Kamantigi ha Guba,
An imo kaisog banawag han mga bitu-on,
Kamingaw ha kaigangan ikaw manawa,
Tarhug han mga kaaway waray mo igkakulba.

Dudangi an imo kaisog matahum nga guban-on,
Bun-og ha bag-o nga adlaw ha sinirangan namulilaw,
Sulhog han mga bosilak ha hiyom mo nga bayhon nagharuhap,
Harok ha mapula nga kaagahon ha imo biyu-os magbangon!

---

PAGTATAGPO...(Buhat sa p. 22)

"Sana'y magkita tayo uli. Pag nagdaan kami sa inyong baryo, sana'y kabilang ka na rin sa nakikibaka!"

Sinalubong ni Ka Lumeng ang isang Pulang mandirigmang papalapit, bitbit ang nakumpiskang masinggan. Hinawakan niya ang kabilang dulo ng masinggan para tumulong sa pagbitbit nito. Kinawayan niya si Rosa bilang pamamaalam.

Nakapako ang paningin ni Rosa sa papalayong mga Pulang mandirigma hanggang sa sila'y maglaho sa kasukalan ng gubat.

Binalikan ni Rosa ang kampo. Kasabay ng pag[illegible] ng bagong umaga ay ang paglagablab ng apoy sa mga kubo ng kampo. Sa layong di abot ng apoy ay nandoon ang mga patay at sugatang tropa ng kaaway. Umuungol ang mga sugatan.

Nagsimulang maglakad si Rosa, palayo sa nasusunog na kampo, palayo sa mga patay at sugatang sundalo na kani-kanina lang ay nakapalibot sa kanya't nagkakatuwaan, palayo sa kabayanang kinaroroonan ng birhawa.

Habang papalayo si Rosa'y lalo namang napapalapit sa kanya ang alaala ni Ka Lumeng.

—Nadya Arroceros



# KALAYAAN AT BURONG BIYA

Dito sa Bicutan minsan lang nangaral
Si Kasamang Topi sa hapag-kainan.

Aniya, "Kung ikaw ay mageasaisda
Huwag magkamaling tularan ang biya,
Patpat lang na tuloy sa kanyang harapa'y
Di na magtatangkang lumampas sa harang."

Ngayon si Ka Topi'y di ko na kasalo
Sa inaalmusal na biyang binuro.

—G. Granate

(Bicutan, 1978)

(Si "Ka Topi" na binabanggit sa tula ay isang dating bilanggong pulitikal na nakatakas noong Disyembre 26, 1977 at mula noo'y kumilos na sa sonang gerilya sa kanayunan.)

# ALAY

(Sa Kasamang Ishmael Quimpo, Jr.)

Libong sibat na nangalisag ang mga talahib
Nang maging luha ang halumigmig
Na nangingilid sa katatabas na mga uhay ng palay.
Duguan ang tingin ng lupa sa buwan
At nayanig ang kapatagan
Sa silakbo ng iyong mga tula at awit,
Sa siklab ng iyong paghihimagsik
Nang ikaw ay malugmok.

Ay, bakit nga ba walang bundok sa Nueva Ecija
At ang pilapil na landas mo sa hatinggabi
Ay walang tabing na mga puno't baging?

Ngunit di nga ba't ang pilapil
Ang tanging landas patungo sa puso ng masa?
Di nga ba't bundok na rin,
Bundok na kailanma'y hindi matitibag,
Ang dalisay na pag-aaruga ng mga liblib na kubo
At mainit na yakap ng mga dukhang magsasaka?

Ikaw nga ay pinaslang
At tiyak na magluluksa ang kaparangan;
Ngunit hindi maglalao'y muling aawit ang kuliglig,
Taglay ng kanilang tinig ang iyong paghihimagsik;
Magigising ang mga nayon,
Dadagundong ang mga yabag sa mga pilapil.

--Isang Kaibigan at Kasama



# MANG--AAWIT NG REBOLUSYON



KASAMA, ang iyong mga mata'y
Hindi maaaring ipikit;
Makita mo sanang walang ulap
Ang araw, kung ako'y masawi.

Ang kantang "Kasama" na pinagkunan ng mga linyang ito ay isa sa pinakapopular na awit sa hanay ng mga Pulang mandirigma, kadre ng Partido at aktibistang masa sa mga larangang gerilya sa buong kapuluan.

Ngayon, ang mga linyang ito ang nakaukit sa puntod ni Kasamang Ishmael Quimpo, Jr. Ang mga salita'y salin mula sa orihinal na Espanyol ng rebolusyonaryong makatang si Luis Marre ng Amerikang Latina. Ang himig ay mula sa mapanlikhang diwa ni Jun.

Maagang kumilos para sa rebolusyonaryong pakikibaka si Jun Quimpo. Nasa hayskul pa lamang siya'y sumasama na sa mga demonstrasyong nagtataguyod sa interes ng sambayanan. Habang nasa unibersidad, kumilos siya sa hanay ng maralita ng lunsod, hanggang sa siya'y magpultaym sa gawain sa komunidad. Sandali siyang nabilanggo nang mahuli sa isang aksyong masa sa Maynila. Pagkalaya, agad nang nagtungo sa sonang gerilya sa Bicol, noong Disyembre, 1976. Pagkaraan ng limang taon sa Bicol ay lumipat siya sa Silangang Gitnang Luson at kumilos bilang giyang pampulitika ng isang iskwad gerilya. Noong Disyembre 14, 1981, patraydor siyang pinatay ng bayarang impormer.

Sa buong panahon ng kanyang pagkilos, si Jun Quimpo ay kinakitaan ng pagiging matulungin, mapagkaibigan, at matiyaga sa pag-aaral at pagtuturo tungkol sa rebolusyonaryong pakikibaka. Bagamat mula sa mataas na saray ng petiburgesya, di niya inalintana ang hirap at sakit sa piling ng mga kasama at masa sa syudad man o nayon. Binansagan siyang "1-5-9" ng mga kasama't kaibigan, ibig sabihi'y umaabot ang kanyang enerhiya hanggang isandaan at limampu't siyam na porsyento sa pagtupad ng tungkulin sa rebolusyon.

Pinagsilbi ni Jun Quimpo sa rebolusyon ang kanyang kakayahan sa musika. Masigla niyang ipinalalaganap sa mga kasama at masa ang mga kantang rebolusyonaryo at ang kanyang kaalaman sa pagtugtog ng gitara. Sa mga pulong pag-aaral, hinahanapan niya ng angkop na kanta ang iba't ibang paksa para sa pagpapahusay ng pag-unawa ng mag-aaral. Sinikap niyang pag-aralan ang lenggwahe at kultura ng masa para higit pang paghusayin ang paglilingkod sa armadong pakikibaka at kilusang masa.

Ang kanyang mga komposisyon ay salamin ng kanyang naging pagkilos at paninindigan sa rebolusyong pambansa-demokratiko.

Noong 1975, habang siya'y aktibo sa hanay ng mga maralita ng lunsod, nilikha niya ang kantang "Tatalon" sa tulong ng isang kaibigan. Ang "Kasama" ay inialay niya sa isang kasama para sa pagpapanibagong-sigla nito sa pagkilos makaraang matortyur ng pasistang militar. Noong 1977, sa gitna ng kahirapan sa sonang gerilya sa Bicol, binuo niya ang "Pasiglahin mo ang iyong Pag-asa" batay sa popular na tono ng "Patugtugin mo ang iyong Gitara". Ang iba pa niyang komposisyon, tulad ng "Anakbayan" at "Lupang Malaon nang Aming Sinilayan" ay nagpapahayag ng panawagan sa pagsusulong ng rebolusyonaryong pakikibaka at ng pag-asa sa tagumpay.

Inialay ni Kasamang Ishmael Quimpo, Jr. sa sambayanang Pilipino ang kanyang diwang mapanlaban na "hindi maaaring ipikit" ng diktadurang rehimen ng pangkating EU-Marcos.

(Buhat sa p.2)
EDITORYAL...

Sa mga larangang gerilyang kinikilusan ng mga Pulang mandirigma, mabilis na lumalaganap sa masa ang sining at panitikang naglalahad ng mga batayang problema ng bayan at ang paglutas sa mga ito sa pamamagitan ng rebolusyong pambansa-demokratiko, nagpapasigla sa organisadong masa sa pagharap sa iba't ibang larangan ng gawain para sa armadong pakikibaka, at pagpapakilos sa kanila sa papadalas at papalawak na mga kampanyang masa laban sa militarisasyon, pangangamkam ng lupa, reaksyonaryong reporma sa lupa at iba pang pasista, pyudal at imperyalistang pamamalakad ng diktadura.

Hindi maihihiwalay ang pag-unlad ng rebolusyonaryong sining at panitikan sa pangkalahatang takbo ng armadong pakikibaka at kilusang masa. Lalo itong huhusay, magiging makulay at mayaman sa karanasan, kaisipan at damdamin ng mga rebolusyonaryo at masa habang sumusulong ang pakikibaka.

Ang patuloy na paglaki at paglakas ng Bagong Hukbong Bayan sa mga estratehikong lugar sa buong kapuluan ay tumitiyak sa pagkagapi ng armadong pwersa ng naghaharing estado, sa pagbubuo at pagpapatatag ng lokal na rebolusyonaryong kapangyarihan, at sa tagumpay ng rebolusyong agraryo para sa nakararaming mahirap na magsasaka sa kanayunan.

Ito rin ang tumitiyak sa pag-unlad ng sining at panitikang tunay na nagsisilbi sa pambansa at demokratikong interes ng sambayanang Pilipino.

"KASAMA," ang bati ng lalaki pagkapasok na pagkapasok ni Tim sa looban ng bakuran.

Nakangiti ang lalaki, hindi tumitinag sa pagkakaupo sa bangkong kawayan na nalililiman ng malagong puno ng kaimito. Sa harapan niya'y nagkalat ang upos ng sigarilyo; tila may ilang oras na itong nakaupo roon. May kasama itong isa pang lalaki na abala sa panunungkit ng hinog na bunga ng kaimito. Saglit nitong nilingon si Tim at kapagkuwa'y muling binalingan ang panunungkit.

"Kasama!" Masiglang ganting-bati ni Tim. Masaya siya dahil maya-maya lamang, pagkagat ng dilim, pama-Maynila na siya. Dadalo siya sa kumperensya ng mga estudyanteng kumakatawan sa mga sangay ng Kabataang Makabayan sa iba't ibang paaralan sa ilang piling rehiyon. Ngayo'y dadaan la-amang siya kina Ka Sonya, tulad nang napagkasunduan nila, para sa mga huling instruksyon tungkol sa kanyang gagawin sa kumperensya. Si Ka Sonya ang kalihim ng grupong namumuno sa kilusang estudyante sa kanilang kolehiyo.

Umuupa ng kwarto si Ka Sonya sa bahay na ito. Ilang beses lang napunta si Tim dito, at sa ilang pagkakataong iyo'y hindi niya nakita ang dalawang lalaking ito na nagpapahangin sa bakuran. Walang kaisip-isip na ipinalagay ni-



yang mga kamag-anak sila ng maybahay, nagbabakasyon marahil. Tiyak na kanila ang magarang motorsiklong nakaparada sa labas.

Tuluy-tuloy si Tim sa nakabukas na pinto ng bahay. Sa may bungad ay nakatindig ang maybahay. Aburidong-aburido ang mukha ng matandang babae, nakapakat na pahalang ang hintuturo sa kanyang tikom na tikom na bibig, at palihim na itinuturo naman ng isa pa niyang hintuturo ang kinaroroonan ng dalawang lalaki. Pagkasabi ni Tim ng "Nanang, nandito po ba si Sonya?" ay mabilis nang kumilos ang dalawang lalaki. Ang kanyang tanong ay tila senyal na kanilang pinakahihintay-hintay.

Mangiyak-ngiyak ang matandang babae. Paimpit niyang sinisi si Tim. "Kanina pa kita sinesenyasan sa may bintana," anya, "pero hindi mo ako nakita. Mga sundalo 'yang mga 'yan! Kaninang tanghali sila dumating at hinalughog ang kwarto ni Sonya! Ay, ano ang gagawin sa inyo ng mga hayop na ito?"

Pagkalapit ng dalawang lalaki, hinablot ni Tim ng lalaking unang bumati sa kanya at sinampal siya nang ubod lakas. Tinutukan siya nito ng .45. Kinapkapan siya. Kinuha ang kanyang kartamoneda at ngingisi-ngising inilabas nito ang mahigit na tatlong daang pisong baon sana niya. Dali-daling inilagay ng lalaki sa kanyang sariling bulsa ang pera. Binuklat ang diary ni Tim. Mula sa pagitan ng mga pahina nito ay nalaglag ang papel na nakatiklop nang pagkaliit-liit. Sulat iyon ni Ka Sonya kay Tim. Ay, ang himutok ni Tim, kung bakit hindi ko pa kasi sinunog iyon.

"Ah, ikaw pala si Ka Tim! Ikaw nga ang hinihintay namin!"

Hinablot naman ng kasama ng lalaki ang shoulder bag ni Tim at pagkatapos ay pinosasan ang kanyang mga kamay. Kinaladkad siya palabas ng bakuran at pilit na pinasakay sa motorsiklo. Pagkasakay ni Tim, piniringan ng lalaki ang kanyang mga mata ng panyong dinukot sa kanyang bulsa.

Ang huling namalas ng tanaw ni Tim ay ang kalsadang walang katau-tao, ang himera ng tahimik na mga bahay. Gayunman, malakas ang pandama ni Tim na sinusubaybayan ng mga taga-baryo ang mga pangyayari sa mga puwang sa pawid na dinding. Sandaling pumanatag ang kalooban ni Tim. Tiyak niyang maipaaabot ng mga taga-baryo kina Ka Sonya at iba pang mga kasamang kumikilos sa kolehiyo ang mga pangyayari ng araw na iyon para bigyan sila ng babala.

Nasa loob ng sonang gerilya ang kanilang kolehiyong agrikultural. Dahil dito, mahigpit ang ugnayan ng kilusang estudyante at armadong pakikibaka. Marami sa mga estudyanteng mula sa uring magsasaka ay may mga kapatid o kaibigan sa Bagong Hukbong Bayan.

Ngayong iniisa-isa na ng kaaway ang mga estudyanteng pinaghihinalaang kumikilos, ang hindi pa nahuhuli'y madali nang gumawa ng disisyon: ang magpultaym sa kilusang masa sa mga baryong kinikilusan ng mga Pulang mandirigma o kaya'y sumampa na sa Bagong Hukbong Bayan.

Sina'y nakaugnay na sina Ka Sonya at iba pang kasama sa

mga Pulang mandirigma, ang naisaloob ni Tim. Nging ti-ngiti si Tim habang ipinalalara-wan niya sa gunita ang mga kasama sa piling ng mga Pulang mandirigma at magsasaka.

Samantalang siya...

Nagpapanting pa ang kan-yang tenga sa lakas ng pagka-kasampal. Mainit ang kanyang inuupuang kutson ng motorsiklo. Maalinsangan ang papalubog na araw. Humaharurot ang motor-siklo, ipit na ipit siya sa pagitan ng dalawang berdugo ng kaaway, nanlalagkit ang kanyang paligid katawan sa magkahalong pawis at alikabok, at madilim na ang kanyang paligid bago pa man bumagsak ang dilim ng gabi.

"BATA ka pa. May maganda kang hinaharap. Sabihin mo lang kung sino ang iyong mga kasa-mahang kumikilos sa kolehiyo at walang masamang mangyayari sa iyo. Bibigyan kita ng scholarship. Pag-aaralin kita, kahit sa Maynila. Patitirahin pa kita sa bahay ko doon."

Nakabarong-tagalog ang lalaking kumakausap kay Tim. Hindi siya umiimik; ni hindi niya tinitingnan ang lalaki. Nananakit ang buo niyang kata-wan. Kanina, pagkadating ni-la sa bahay na kinaroroonan nila ngayon, ay nagsalinhinan na ang dalawang humuli sa kan-ya sa pagtatanong at pambubug-bog. Tinigilan lamang siya nang hindi na halos siya maka-gulapay sa hirap. Lumabas ang isa sa dalawa para sunduin ang mayor sa bayan, samantalang kinaladkad siya ng naiwan pa-tungo sa kasunod na kwarto. Ikinabit ang isang dulo ng mahabang kadenang bakal sa kanyang posas habang ang kabi-lang dulo naman ay mahigpit na ipinulupot at kinandaduhan sa isang poste ng kama. Noon na lamang tinanggal ang piring sa kanyang mga mata.

"Hindi ka ba naaawa sa mga magulang mo? Nagdidildil sila ng asin para makapag-aral ka lamang. Pero paano ka ma-kakatapos kung panay aktibismo ang laman ng utak mo?"

Wala pa rin siyang imik.



"O, kinakausap ka ng meyor, sumagot ka!" ang bulyaw ng lalaking nambulsa ng pera ni Tim. Hinablot nito ang kanyang buhok para ilantad ang kanyang mukha sa meyor. Hindi pa rin siya umimik.

Tinungga ng meyor ang wiski sa hawak na baso. Maagap namang kinuha ng kanyang badigard ang bote ng wiski sa lamesa at muling pinuno ang baso.

Kanina pa kinakausap si Tim ng meyor pero iling, tango o katahimikan lang ang kanyang isinasagot. Unti-unti nang naiinis ang meyor at nang makitang hindi makikipagtulungan si Tim ay nagbanta na siya.

"Matigas ka, ha! Parepareho kayong mga subersibo, matitigas! Kung hindi ka pa magsasalita bukas, tiyak na lulutang ka sa ilog!" Isinabog ng meyor sa mukha ni Tim ang wisking laman ng baso.

"Huwag pakainin 'yan ngayong gabi!" ang nanggigigil sa galit na bilin ng meyor sa dalawang lalaki, sabay talikod, kasunod ang kanyang badigard. Nalunod sa kalabog ng pinto ang pagye-yes, sir! ng dalawang lalaking ngayo'y nagngingisihan.

Inilabas ng lalaki ang balumbon ng perang papel na kinuha nito kay Tim.

"Salamat sa pera mo, 'ne?" ang nanunudyong sabi nito. "Panggudtaym naming dalawa ito ngayong gabi. Syempre, hindi namin kalilimutang uwian ka ng fried chicken!"

"Pag-alis nami'y huwag kang magtangkang tumakas! Mahigpit ang posas mo, sarado ang lahat ng bintana, at maghihiyaw ka man ay walang makaririnig sa iyo dahil nasa gitna tayo ng bukid!"

Samantalang nagsasalita ang isa ay sinusubuk-subukan naman ng isa pa na ilakad ang isang pares ng bagong sapatos. Ang sapatos ni Tim.

Nasa labas na ang dalawa ay dinig pa ni Tim ang kanilang halakhakan at awitang pangkabaret. Humarurot palayo ang motorsiklo.

MATINDI ang liwanag ng bombilyang naiwang nakasindi.

Iginala ni Tim ang kanyang paningin. Malapit sa kamang kinatatalian niya ang lamesa. May built-in cabinet sa isang buong panig ng dingding; nakasara ang mga pinto niyon. Sa isang sulok ay may mga shoulder bag at libro. Nakakalat sa sahig ang laman ng mga bag: ang dalawang pantalon, brip at polosirt ni Tim. Nakahalo sa mga ito ang ilang damit-pambabae: kay Ka Sonya. Ang mga libro ay kay Ka Sonya rin.

Nananakit ang buo niyang katawan; nangangalam ang kanyang sikmura; nanunuyo ang kanyang lalamunan. Lumunok siya; nalasahan niya ang wiski sa kanyang dura. Idinikit niya ang kanyang likod sa kamang walang kutson. Ibig niyang makatulugan ang pabugsubugsong tusok ng kirot sa kanyang kalamnan, ngunit binabalisa siya ng mga alalahanin.

Inisip niya:

Paano nga ba natukoy ng kaaway ang pagkilos ni Ka Sonya at ng iba pang kasama sara-

hil sa kolehiyo? Mula nang makapag-organisa sila sa mga estudyante ay naging masigla ang kilusang protesta sa kampus. Nitong huli'y lalong naghigpit ang administrasyon ng kolehiyo. Humingi pa ito ng tulong sa PC at ngayon nga'y mga sundalong PC na ang naninita sa geyt. Naglipana sa kampus, silid-aralan at dormitoryo ang nakasibilyang mga sundalo para mag-ispya sa kilos ng mga estudyante at maging ng mga propesor.

Pag nagkita uli sila ni Ka Sonya, tatanungin ni Tim kung ano talaga ang nangyari.

Hindi na siya makababalik sa eskwelahan. A, tiyak na malulungkot ang kanyang mga magulang. Ipinangako ni Tim na kapag nakatakas siya sa pagkakakulong na ito sa kanya ng kaaway, susulat siya sa kanila. Sasabihin niyang hindi sapat ang pagbabago kung pansarili lang, maghirap man sila ngayo'y tiyak namang magbubunga ng magandang kinabukasan ang pakikibaka para sa lahat.

Sa kanilang bahay, kapag nabubuksan ang paksa tungkol sa rebolusyon, ay mag-aalala na ang kanyang ama't ina. "Huwag kang sasali diyan, anak," anila, "mapapahamak ka lang. Hayaan mo na ang iba, huwag lang ikaw."

A, mahirap talagang magpaliwanag sa mga magulang. Hindi bale, pag nasa bundok na siya, susulatan niya sila nang madalas, ikukwento niya ang buhay doon, ang pamumuhay ng mga kasama at masa, ang mga tagumpay ng pakikibaka, hindi lamang sa kanilang probinsya kundi maging sa buong Pilipinas!

GINISING si Tim ng tadyak.

Inilapag ng lalaki ang isang basong malamig na kape at matigas na tinapay sa gilid ng kama.

Kumalansing ang kadenang nakagapos sa mga kamay ni Tim nang abutin niya ang kanyang almusal. Habang nginunguya niya ang matigas na tinapay na sinusundan niya ng lagok ng kapeng kulay kape lang ay naaalala niya ang fried chicken na ipinangako ng dalawang lalaki. A, kahit ano, kakanin niya para may lakas siya sa pagtakas.

"Kanin mo 'yan para pagdating ng meyor at PC commander mamayang gabi ay may lakas kang magsalita!" Nakangisi na naman ang lalaking nagsuot ng kanyang sapatos kagabi. Hanggang ngayo'y suot pa rin niya ito.

Mag-isa lang ang lalaking nagbabantay kay Tim. Hindi ito lumabas ng silid maghapon. Pagkapananghalian, nakatulog ito sa mahabang bangko sa tabi ng nakapinid na bintana. Nasa ulunan niya ang .45.

Kung abot lang sana ni Tim ang kinaroroonan ng baril .... Muling iginala ni Tim ang kanyang paningin sa paligid ng kwarto mula sa kanyang pagkakapako sa kama. Muli, tinawag ang kanyang pansin ng nakapinid na built-in cabinet. Naisaloob niyang marahil ay maraming baril sa loob niyon. A, pagtakas niya, sana'y makakuha siya kahit isa lang M-16.

Pero kailangang matanggal muna ang posas....

Hindi pa madilim sa paligid. Nang magising ang lalaki ay bumaba ito para ihanda ang kanilang hapunan. Pagkapanhik nito ay dala na ang pagkain para kay Tim.

"Maaga kitang papakainin dahil dadalaw ako sa aking mahal diyan sa sentro," ang ngisi uli ng lalaki. "Pero nandito na ako bago dumating ang meyor at PC commander."

Nagsuklay ang lalaki at pagkatapos ay pinagpag ng panyo ang sapatos na wala namang alikabok.

"Gusto ko ang sapatos mo, a," ang sabi nito. "Masarap sa paa, he he!"

Hinintay nitong matapos kumain si Tim. Nang wala ng laman ang plato ay itinabi ito ng lalaki sa lamesa.

"O, be a good boy, ha?" Tinapik-tapik ng lalaki ang nakabukol na .45 sa kanyang tagiliran bago nito hinatak pasara ang pinto. Sa ibaba ng bahay ay isa pang pinto ang narinig ni Tim na kinabig pasara. Pinakinggan ni Tim ang papalayong pagpipito ng lalaki.

A, kailangang kumilos nang mabilis, ang usal ni Tim.

Sinipat niya ang pagkakawing-kawing ng mga kadena, ang pagkakasara ng posas. Ang bawat kawing ng kadenang bumibihag sa kanya ay may puwang, gaano man kadikit ang pagkakalapat ng dalawang pinagbaluktot na dulo nito. Mapaghiwalay lang nang kahit kaunti ang dalawang dulong ito ay sapat na para mabutasan ang kadena, at nang sa gayo'y makahulagpos siya sa pagkakagapos. Muli siyang makakakilos.

Pero paano?

Kailangan niya ang isang matigas na bagay na maisusuksok sa kawing na may puwang, gaano man ito kaliit. Muli niyang sinuyod ang paligid. Dumapo ang kanyang paningin sa lamesa: bote ng wiski, baso, plato, kutsara.... Ang stainless na kutsara...manipis, matigas, bakal.....

Mabilis siyang kumilos. Iniusad niya ang kanyang katawan papalabas ng katre; dahan-dahan niyang iniangat ang isa niyang paa sa may lamesa; itinulak ng mga daliri ng kanyang paa ang kutsara hanggang sa ito'y malaglag sa sahig. Kinabig ito ng kanyang paa papalapit sa kanyang kinaroroonan. Iniangat niya ang kanyang paa, ipit-ipit ng mga daliri nito ang kutsara. Mabilis niya itong inabot.



Inisa-isa niya ang mga kawing ng kadena, naghahanap ng kahit isa man lang kawing na may puwang. Nang makahanap siya ng isa ay sinubukan niyang ipasok sa maliit na pagitan ang hawakan ng kutsara. Nang ibaling niya ang kutsara sa kabilang panig ay bumaluktot ito. Mas matigas ang bakal ng kadena.

Pinagpapawisan siya. Pumaltos ang uno niyang tangka. Ano pa ang kanyang magagawa?

Tinitigan niya ang mga posas na mahigpit na nakasakal sa kanyang mga galanggalangan. Mukhang napakatibay, tila isang bagay na para makalas ay kailangang lubos na wasakin. Ngunit gaano nga ba katibay ang mga posas na ito? Paano sinusubok ang tibay ng mga ito?

Nakaupo si Tim sa gilid ng kama. Paulit-ulit siyang huminga nang malalim. Iniunat niya ang kanyang nakagapos na mga kamay, pataas, pasulong. Lumalagutok ang kanyang mga buto at may munting pintig ng kirot sa kanyang lamog na katawan.

Pinaglayo niya ang kanyang mga braso; unat na unat ang makitid na kadenang nagdurugtong sa dalawang posas. Muli niyang pinaglapit ang kanyang mga kamay. Muli siyang huminga nang malalim, matagal, pinatigas ang kanyang mga braso, ang kanyang mga kamao. Bumilang siya nang hanggang tatlo at ibinuhos ang buong lakas para batakin ang kadena. Isa, dalawa, tatlo!

Tumilapon sa sahig ang posas. Nalustred** ang mga posas!

Manghang-mangha siya habang hinihimas-himas ang kanyang galanggalangan. Mabilis siyang tumayo. Tinungo niya ang nakasaradong mga kabinet. Sana'y may mga baril, ang usal niya. Madali namang nabuksan ang mga pinto.

Walang laman ang kabinet.

Dali-dali niyang nilisan ang kwarto at sumugod pababa ng bahay. Pagbukas niya ng pinto sa ibaba ay sinalubong siya kaagad ng sariwang hangin ng bukid, ng bituin at dilim ng gabi.

Tinantya niya ang kanyang kinaroroonan. Nang masiguro niya ang direksyong patungo sa baryong alam niyang may mga kasama ay hindi siya nag-atubili. Tumakbo siya nang tumakbo. Nang may ilang kilometro na ang layo niya sa bahay ay nakarinig siya ng mga putok. Sa may haywey ay may maliwanag na ilaw ng dyip, sinusuyod ang paligid para sa anino ni Tim.

Nagpatuloy siya sa pagtakbo. Matigas at bitak-bitak ang bukid na kanyang binabagtas. Matataas ang talahib, matatalim ang dahong humahampas sa kanyang katawan, matitigas ang tinig ng sakahiya na bumabaon sa kanyang talampakan. Natisod siya at tuluy-tuloy na nahulog sa isang malalim na hukay. Muntik nang matusok ang kanyang noo ng matulis na kawayang nakabaon sa gitna ng hukay. Umahon siya sa hukay at muling tumakbo nang walang lingon-likod.

Malayo na siya. Hindi na siya maaabot ng kaaway. Sa harapan niya ay ang mga baryong kinaroroonan ng mga kasamang magsasaka, ang mga bulubunduking pinagkakampuhan ng mga Pulang mandirigma.

Lalo niyang binilisan ang kanyang pagtakbo habang palapit nang palapit sa kanya ang liwanag ng mga gasera ng sonang gerilya.

--Kristri

*Kabanbanuagan (Iloko)-- Kabataan

**Nalustred--Loose thread. Lumuwag ang kagat ng ngipin ng kandado ng posas



# PARTISANO


UMAGA, SA KABAYANAN NG BONGABON, NUEVA ECIJA. HUMAHANGOS NA DUMATING ANG ISANG BINATILYO SA ISANG BAHAY.
TOK TOK
NARDO! NARDO!
DAHAN-DAHANG BUMUKAS ANG PINTO AT ISANG LALAKI ANG SUMILIP.
NAND'YAN NA S'YA!..
DALAWANG PULANG MANDIRIGMA ANG NASA KABAHAYAN, SINA NARDO AT ARIEL. PINAKAHIHINTAY-HINTAY NILA ANG BALITA NG AKTIBISTANG MULA SA KABATAAN.
NASA TALYER NA SI SARHENTO MORENO!
1979


NAGHANDA ANG DALAWANG PULANG MANDIRIGMA.
KAILANGANG LISTO TAYO. KILALANG MABILIS SA BARIL ANG DEMONYONG ITO.
NAPAPANAHON ANG PAALALA NI NARDO KAY ARIEL. KASASAMPA LANG NIYA SA HUKBONG BAYAN, AT BAGO PA SA KANYA ANG GAWAING PARTISANO. GAYUNMA'Y HANDA SIYA PARA GAMPANAN ANG GAWAING INIATAS SA KANYA.
KATSAK
MABILIS ANG PAGLALAKAD NG DALAWA PARA ABUTAN ANG DEMONYO SA TALYER.
SAGLIT NA NILINGON NI NARDO ANG KANYANG KASAMA.
MINSA'Y NAGKAROON NG PAGKAKATAON SI ARIEL NA ILIGPIT ANG DEMONYO. PERO NAKATAKAS ANG HULI NANG HINDI NAPAPUTUKAN NI ARIEL. MULA NOO'Y NAGLAGI NA ANG DEMONYO SA KABAYANAN.
TINULUNGAN SI ARIEL NI NARDO AT IBA PANG KASAMA PARA LAGUMIN ANG KARANASANG ITO. TINANGGAP NIYA ANG PUNA AT NAGRESOLUSYONG MAGING ALISTO SA SUSUNOD.


NGAYO'Y KAILANGANG ISAGAWA ANG MISYON SA MAS MAHIGPIT NA KALAGAYANG NASA PUGAD SILA NG KAAWAY.
NADAANAN NILA ANG ISANG AKTIBISTANG BABAENG NAG-AABANG SA KANILA. NAGBIGAY ITO NG SENYAL. NASA TALYER PA ANG KANILANG TARGET!
LALONG BUMILIS ANG LAKAD NG DALAWA.
HAYUN ANG DEMONYO!
NAGKAHIWALAY NILANG SINUGOD SI SARHENTO MORENO.
BUNUNOT NI NARDO ANG KANYANG BARIL AT KINALABIT ANG GATILYO...
KLIK
NAG-ISTAPEYDS! PUMALYA ANG BARIL NI NARDO. MABILIS NAMANG BUMUNOT NG BARIL SI SARHENTO MORENO PAGKARINIG NG INGAY NG PUMALYANG BARIL.
AFP


HINDI NA NATUTUKAN NG DEMONYO SI NARDO. BUMAGSAK SI SARHENTO MORENO NANG MAGPAPUTOK SI ARIEL.
BLAM! BLAM! BLAM!
AFP
NAKAALERTO SI ARIEL HABANG KINUKUMPISKA NI NARDO ANG BARIL AT BALA NG NAKABULAGTANG KAAWAY.
MABILIS NA LUMAYO SA TALYER ANG DALAWANG PULANG MANDIRIGMA.
PARANG WALANG ANUMANG NANGYARI, NAKISABAY ANG DALAWA SA MGA TAONG SUMASAKAY SA NAKAPARADANG MINIBUS.
INE


SUMAKAY ANG ISANG TUWANG-TUWANG MAGSASAKA.
NABALITAAN N'YO NA BA? PATAY NA ANG DEMONYONG SI SARHENTO MORENO!
MABUTI! NABIGYAN NA RIN NG KATARUNGAN ANG APAT NA MAGSASAKANG PINATAY NG MORENONG IYAN!
SA WAKAS, LIGTAS NA ANG MGA MANOK AT BABOY KO SA PANDARAMBONG NG DEMONYO!
AT LIGTAS NA RIN KAMI SA MANGINGIKIL!
NATUTUWANG NAGKINDATAN ANG DALAWANG PULANG MANDIRIGMA SA KANILANG KINAUUPUAN.
HUMARUROT ANG MINIBUS PALABAS NG BAYAN. PABALIK NA SINA NARDO AT ARIEL SA SONANG GERILYA. MATUTUWA ANG MGA KASAMA AT MASA SA KANILANG IBABALITA.

# ISA RING HUKBONG PANGKULTURA ANG BAGONG HUKBONG BAYAN

(Ang sanaysay na ito ay batay sa isinagawang pagsisiyasat ng isang manggagawang pangkultura tungkol sa rebolusyonaryong sining at panitikan sa isang sonang gerilya sa Samar.)

"MABUHAY!" ang bati ng bangkero. Siya ang aming sundo.

"Sulong!" ang ganting-bati naman ni Ka Boy, ang Pulang mandirigma na giya ng aming grupo. Ito ang kauna-unahang pagkakataon namin na makapunta sa sonang gerilya sa Samar.

Mahaba ang nilakad namin sa loob ng kagubatan; ngayo'y nakasakay naman kami sa isang bangka patungo sa interyor ng Samar. Kaysarap iunat ang pagod na mga paa sa kahabaan ng bangka at sumagap ng hanging umiihip mula sa nakapaligid na mga luntiang bundok.

Unti-unting tinatakpan ng mga ulap ang tuktok ng mga bundok. Walang tigil ang pag-ambon, mula pa kaninang umaga. Gayunma'y masigla ang pagsagwan ng bangkero, si Ka Merto. Sumisipol si Ka Boy habang kalung-kalong ang kanyang armalayt. Sinabayan ng pag-awit ni Ka Merto ang himig na sinisipol ni Ka Boy. Nakisabay na rin kami. Habang hinahawi ng sagwan ang tubig sa ilog, umaalingawngaw mula sa aming munting bangka ang makapangyarihang "Internasyonal"!

Tumigil kami sa isang baryo. Nakasalubong namin ang mga magsasakang may karga ng mga kaing na punung-puno ng kamote. Itinaas nila ang kanilang kamao bilang pagbati. "Sulong!" Natutuhan ko ring bigkasin ang maalab na pagbati sa mga kasama at masa sa sonang gerilya. Binati rin kami ng isang kulumpon ng kalalakihan na nagkakayas ng ratan.

Umupo kami sa hagdang kawayan ng isang kubo. Mula rito'y tanaw namin ang nagtitipong kabataan.



Nagkakantahan sila. Napag-alaman naming nag-eensayo sila ng kanilang itatanghal para sa darating na aksyong masa laban sa militarisasyon. Sa kulumpon ng kabataan ay may dalawang armadong kasama. Isang magsasaka ang lumapit sa kanila para ipabatid ang aming pagdating. Dali-dali nilang tinungo ang aming kinaroroonan at sila'y nagpakilala.

"Ako si Ka Mita."

"Ako naman si Ka Ambo."

Nakangiti silang nakipagkamayan sa amin. Kapwa sila nasa kasibulan ng kabataan.

Maya-maya pa'y kasama na namin sila sa pagpapatuloy ng aming paglalakbay.

Binagtas namin ang mga bulubundukíng matiyagang hinawan at tinamnan ng mga magsasaka. Tinawid namin ang tatlong sapa at putikang landas na puno ng makapit na linta't limatik, at nanimbang sa nakatimbuwang at basang punungkahoy. Pagod na kami, nangingilo na ang aming mga paa, nang makarinig kami ng nag-aawitang tinig.

Malapit na kami sa kampo!

Bumilis ang aming paglakad, kasabay ng pagbagsak ng malakas na ulan. Gumaan ang aming mga paa sa pagtapak sa batuhang sapa. Pumasok kami sa masukal na bahagi ng bundok.

Tumambad sa amin ang baytang baytang na hagdang kahoy, paakyat sa bundok. Inakyat namin iyon, hanggang sa marating ang isang medyo patag na lugar. May ilang kubong nakatayo roon; ang lugar ay tila isang maliit na baryo. Naglabasan sa mga kubo ang mga kasama para salubungin kami. Tumigil sumandali ang mga kasama sa pag-awit, pagsibak ng kahoy at pagluluto para bumati at magpakilala.

Kumain ang lahat bago kumagat ang dilim. Pagkahugas ng mga platong plastik, nag-umpukan na ang lahat ng kasama sa kusina. Nagpasakalye ang gitara at pumailanlang ang matitining na tinig sa pag-awit ng "Makigbisog, Ayaw Kahadlok" (Makibaka, Huwag Matakot). Tahimik sa buong paligid ng kagubatan. Mapanglaw ang liwanag ng mga gasera ngunit sapat na para tanglawan ang kulumpon ng masisiglang mukha ng mga kasama. Ang mga pulang bituin sa sumbrero ng mga Pulang mandirigma ay singningning ng mga alitaptap na aali-aligid.

Sinundan ang "Makigbisog, Ayaw Kahadlok" ng iba pang mga kanta, tula at pabula hanggang may nagpaalala tungkol sa pinaiiral na curfew sa kampo. Nagpangkat-pangkat na ang lahat patungo sa kani-kanilang kubo.

Parang tinibang saging na nakatulog ako sa aking nakalatag sa sahig na yari sa pinagdugtungdugtong na kahoy.

Kinaumagahan, pagkakain ko ng ilang pirasong kamoteng kahoy, nagtanung-tanong na ako kung sino ang maaaring kausapin tungkol sa rebolusyonaryong sining at panitikan sa larangan.

"Si Ka David." Bawat mapagtanungan ko, si Ka David ang laging tinutukoy. Nagpahatid ako sa kinaroroonan ni Ka David.

Inabutan kong nagsusulat si Ka David ngunit masaya ang kanyang pagbati nang makita niya ako. Sa tantya ko'y may 35 taong gulang na siya, katamtaman ang taas. Bago siya naging kadre ng Partido sa loob ng hukbong bayan ay kumilos siya bilang isang aktibistang pangkultura sa syudad. Sinabi ko sa kanya ang aking pakay.

Saglit siyang napayuko at nagsabing limitado ang kanyang kaalaman sa paksang aking binanggit. Nilinaw ko na ang ibig kong malaman ay ang kongkreto nilang karanasan sa rebolusyonaryong sining at panitikan.

Pumayag na rin siya. Tinawag niya si Ka Badon para higit na yumaman ang aming diskusyon.

Matipuno ang pangangatawan ni Ka Badon nakasuot ng putot at tagpi-tagping pantalon na karaniwang suot ng mga Pulang mandirigma. Paminsan-minsa'y inilalabas niya ang isang maliit na supot na may lamang buyo, apog at tabako. Ngata siya nang ngata kapag hindi siya ang nagsasalita. Bago naman siya magsalita'y idudura muna niya sa may likuran ang laman ng kanyang bunganga.

Nang wala pa sa kilusan, si Ka Badon ay gitarista sa isang kombo. Mula nang siya ay sumanib sa kilusan ay marami siyang nalikhang

kanta, sa tulong ni Ka Pedro.

Sinimulan ni Ka Badon ang diskusyon. "Binibigyan namin ng higit na pansin," anya, "ang mga kantang tradisyonal. Kilala kasi ang mga ito ng masa, laluna ng mga magsasaka, at madali nilang matanggap ang mga ito. Halimbawa ng ganitong mga kanta ang "Iroy nga Tuna" (Lupang Tinubuan) at "Hadki an Tuna" (Halikan ang Lupa) na popular na noon pa mang nakikibaka ang mamamayan ng Samar laban sa kolonyalismong Estados Unidos. Ang ganitong mga kanta'y muling sinasariwa at pinagsisilbi sa pakikibaka ngayon. Mula naman sa mga kantang popular ngayon, pumipili kami ng mga himig na mababagayan ng rebolusyonaryong nilalaman."

Ang mga tradisyonal na kanta sa Samar ay natutuhan ni Ka Badon sa kanyang ama at sa kanya mismong pakikiisa sa masa sa mahabang panahon.

"Bahagi rin ng tradisyonal na kultura ng masa ang ismayling at binasaynon," dagdag ni Ka David.

Kapwa inaawit at isinasayaw ang ismayling at binasaynon. Pero samantalang ang ismayling ay naglalarawan ng tunggalian ng dalawang magkasalungat na ideya, ang binasaynon naman ay nagsasalaysay ng isang pangyayari.

Nagdarang muna ng isang dahon ng sabila si Ka David sa baga. Dinurog niya ang dahon nang ito'y malutong na, binilot sa kapirasong dyaryo at sinindihan. Hinihitit niya ang kanyang sigarilyo habang isinasalaysay ang unang paggamit ng mga kasama ng ismayling. May isang magsasakang nag-aalinlangan sa tagumpay ng sama-samang pagkilos laban sa pwersahang ebakwasyon na inilulunsad ng kaaway. Ipinahayag niya ang kanyang palagay sa pamamagitan ng awit at sayaw! Sinagot naman siya ng isang Pulang mandirigma, sa pamamagitan din ng awit at sayaw, bagamat hindi kasinghusay ng magsasaka.

Sa ganitong mga pagkakataon tumining sa mga kasama ang pangangailangan at kahalagahan ng pagkatuto sa buhay na kultura ng masa.

"Malaki ang pangangailangan sa rebolusyonaryong sining at panitikan," ani Ka David, "laluna sa mga lugar na tulad ng Samar, na napakalaganap ang kamangmangan. Nakakatulong ang rebolusyonaryong sining at panitikan sa edukasyon, propaganda, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga Pulang mandirigma at masa."

Nagbigay ng halimbawa si Ka Badon: sa kantang "Disiplina han BaHuBa" (Disiplina ng BaBuBa), itinatampok ang "Walong Punto ng Disiplina" na dapat isaulo at isagawa ng lahat ng Pulang mandirigma sa kanilang hanay, sa piling ng masa at sa harap ng kaaway.

Pinatitibay naman ng kantang "Tumapod ha Kolektiba" (Umasa sa Kolektiba) ang diwa ng sama-samang pag-iisip at paggawa. "May mga pagkakataon," ani Ka Badon, "na gumagawa ng sariling disisyon ang ibang kasama at hindi kumukunsulta sa yunit. Isang halimbawa'y ang paglilinis ng baril. Paano na kung ang lahat ay sabay-sabay na maglilinis at magbabaklas ng baril at biglang sumalakay ang kaaway?"

Pinapaksa naman ng kantang "Demokrasya ha Tulo nga Natad" (Demokrasya sa Tatlong Larangan) ang pagsasapraktika ng demokrasya sa pulitika, militar at ekonomya sa loob ng hukbong bayan. "Para mapasigla ang paglahok ng lahat," paliwanag ni Ka David, "madalas itong awitin sa mga pulong para sa punahan at pagpuna sa sarili, paglalagom ng karanasan at pag-aaral."

Ang mga kantang binabanggit ni Ka Badon ay tinutugtog niya sa gitara sa pagitan ng aming pag-uusap.

Dala-dala namin ang kasiglahan sa diskusyon hanggang sa pananghalian. Kamote ang pinagsaluhan ng lahat ng Pulang mandirigma sa kampo. Pagkakain ay nagdarang kami ng dahon ng sabila, samantalang inaawit ng ibang mga kasama ang kanta tungkol sa isinagawang reyd ng mga Pulang mandirigma sa mga kampo ng kaaway sa Gamay at Mapanas. Isinasalaysay ng kanta ang paraang ginamit sa reyd, ang 29 armas na nakumpiska, at ang suporta ng masa bilang pinakasusi sa tagumpay. Sa pamamagitan ng mga kantang tulad ng "Ronda ha Gamay ngan Mapanas" (Reyd sa Gamay at Mapanas), malawak na naipalalaganap ang mga karanasan at at aral sa pakikibaka ng mga Pulang mandirigma at masa. Sang-ayon kay Ka Badon, ang paglikha ng ganitong mga kanta ay "nakaugalian na" bago magsimula at pagkatapos ng isang kampanyang militar.

Ang kantang "Taktikal nga Opensiba" (Taktikal na Opensiba) ay nalikha sa panahon ng kampanyang edukasyon sa loob ng hukbong bayan. Ang kampanya ay isinagawa para bakahin ang pananamlay ng maraming Pulang mandirigma sa paglulunsad ng mga taktikal na opensiba, bunga ng mapapait na karanasan sa isang panahon. Dahil sa paghusay ng bagong kalagayan, kinailangang pasiglahin ang pagsasagawa ng mga taktikal na opensiba. Bahagi ng pagpapasiglang ito ang kantang "Taktikal nga Opensiba."

"Ang kanta ring iyan," dagdag pa ni Ka David, "ang naging inspirasyon sa paglikha ng sayaw."



"Sayaw?"

Inilapit niya ang kanyang mukha sa akin, wari'y ibig salaminin nang lubos ang aking pagkamangha.

"Oo. Maging ang sayaw ay bahagi na ng rebolusyonaryong sining at panitikan."

Isinalaysay ni Ka David kung paano naipakilala ang rebolusyonaryong sayaw. "Ang aming galak," anya, "sa matagumpay na kumperensya noong 1979 ng panrehiyong organisasyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Silangang Kabisayaan ang nagbunsod sa amin para lumikha ng bagong porma ng pagtatanghal. Sa ganito, mailalarawan din namin ang pag-unlad ng rebolusyonaryong sining sa rehiyon."

Pinaunlakan niya ang kahilingang imwestra niya ang sayaw. Sinundan ng aking mga mata ang mabikas na paggalaw ng kanyang kamay, paa, baywang, ng kanyang buong katawan. Maliksi ang kanyang bawat hakbang, ang pagwasiwas ng riple, ang pagwagayway ng bandilang pula, na nagmistulang nagngangalit na alon.

Masigabo ang aming palakpakan nang matapos ang sayaw.

"Malaki ang impluwensya sa sayaw na ito ang sayaw-pandigma ng Ifugao," ang paliwanag ng pawisang Pulang mandirigma. Ayon din sa kanya, maraming likhang sining at panitikan ang kanilang natatanggap mula sa ibang rehiyon. "Iniaangkop namin ang mga ito," anya, "sa partikular na katangian at pangangailangan ng rehiyon. Isinasalin sa Waray ang mga tula at kanta, o kaya'y binabago ang nilalaman para iayon sa buhay at karanasan ng masa rito."

Nagbigay ng halimbawa si Ka Badon. "Tingnan mo ang kantang "Mendiola" na naglalarawan ng masaker noong Unang Sigwa sa Kamaynilaan. Nagtatanong lagi ang mga magsasaka kung ano ang Mendiola. Ang ginawa nami'y tinanggal namin ang mga linyang may banggit tungkol sa pangyayari sa Mendiola at pinalitan ang mga iyon ng tungkol sa masaker na isinagawa ng mga pasistang sundalo sa Calbiga. Marami rito ang hindi nakakaalam tungkol sa Mendiola, pero alam ng lahat ang masaker sa Calbiga."

Ang nakapaligid na mga Pulang mandirigma ay hinikayat nina Ka David at Ka Badon na magbahagi din ng kanilang kaalaman sa rebolusyonaryong sining at panitikan. Malugod naman nilang iniambag ang nalalaman nilang kanta, tula, pabula at buod ng dula na nalikha at ipinalalaganap sa rehiyon. Sinasalamin ng mga likha ang damdamin at kaisipan ng mga Pulang mandirigma at masa, gayundin ang pagtingin sa iba't ibang usapin na nakakaharap nila sa pagtupad nila ng tungkulin sa rebolusyon.

Karamihan sa mga Pulang mandirigmang nakibahagi sa diskusyon ay nasa kanilang kabataan at mula sa uring magsasaka. May ilang mula sa uring manggagawa at petiburges.

Papalubog na ang araw nang matapos ang aming diskusyon at kami'y magkahiwa-hiwalay.

Sa isang kubo, may pag-aaral na idinaraos. Sumilip ako. Taimtim na nakikinig sa instruktor ang mga Pulang mandirigma. Ang kanilang mga riple ay maayos na nakahilera sa isang tabi. Sa itaas ng blakbord ay may isang poster na naglalarawan ng mga Pulang mandirigma, buong-giting na itinataas ang kanilang mga sandata. Nakasulat sa poster ang malalaking titik ng islogang "Ibagsak ang Diktadurang EU-Marcos!"

Abala ang lahat sa kampo. Sa kusina, tinatalupan ni Ka Nitoy ang bilanghoy, samantalang ang iba nama'y nagkakayas ng niyog at nagsisibak ng kahoy na panggatong. Habang nagtatrabaho si Ka Nitoy ay tinutula niya ang "An Gerilya" (Ang Gerilya).

Sa isang dulo ng mahabang mesa, dalawang Pulang mandirigma naman ang tuwang-tuwa sa pagbabasa ng komiks na may isang pahina lamang. Nakibasa na rin ako. Ang partikular na isyung ito ng komiks ay pinamagatang "Nataktikahan an Kaaway" (Nataktikahan ang Kaaway), tungkol sa ginawang panlalansi ng dalawang aktibistang babae sa isang sundalong papet para maagaw ang armalayt nito.

Muling nag-awitan ang mga Pulang mandirigma bago matulog. Paalis na ako kinabukasan, kayat inihanda ko na ang aking mga gamit. Nasa kubo si Ka Pidong. Napansin kong may idinidikit siyang drowing

sa pabalat ng isang libro. Naka-drowing ang mga Pulang mandirigma na nagsasagawa ng ambus. Binakat niya ang drowing sa isang babasahin. "Itinatangi ko ang drowing na ito," anya, "dahil punung-puno ng determinasyon ang mga Pulang mandirigma."

Kinabukasan, habang muli naming binabagtas ang bali-balikong daan ay hindi mawaglit sa aking isip ang init ng pagkalinga ng mga kasamang hukbo sa amin. Kasing-init ng sikat ng araw na ngayo'y nakalatag sa buong paligid.

Sinapit namin ang nagyayabungang taniman. Ni isang magsasaka ay wala sa taniman. Nasaan kaya sila? ang tanong ko sa sarili.

Dumating kami sa baryo. Nandoon ang lahat ng magsasaka para dumalo sa isang pulong masa kaugnay ng kampanya laban sa militarisasyon. Inabutan namin ang pag-awit ng "Pasismo he Nagookan" (Pasismo sa Nagookan). Isinasalaysay ng kanta ang pambubugbog ng mga "unggoy" sa apat na magsasaka at pagnanakaw sa masa. Tinutukoy sa kanta ang pamamaraang ginamit ng mga pasista sa pagnanakaw, gayundin ang mga pangalan ng mga "unggoy".

Sinundan ang kanta ng isang maikling dula, na itinanghal ng iskwad ng mga Pulang mandirigma, kasama ang ilang kabataang aktibista Ang dula ay pinamagatang "Huni ng Ibon". Sa dula, ipinapakita ang pagpasok ng mga "unggoy" sa isang baryo. Ginulpi nila ang ilang magsasaka at pagkatapos ay buong kayabangang naghamon sa hukbong bayan. Di kaginsa-ginsa'y humuni ang isang ibong kalaw. Napapatda sa takot ang mga sundalong papet. Kumaripas sila ng takbo. Inakala nilang ang huni ay senyal sa paglusob ng BaHuBa.

Sa pagwawakas ng dula ay nagpaliwanag ang isang Pulang mandirigma: "Sa unang malas ay malakas ang kaaway dahil sa kanilang bilang at gamit-militar. Ngunit kung susukatin natin ang kanilang loob, sila ay mahina. Walang ibang nagtutulak sa kanila kundi ang sweldong ibinabayad sa kanila ng mga uring mapagsamantala."

Idiniin niya: "Nasa ating mamamayan ang tunay na lakas! Sa mahigpit na pagkakaisa ng hukbong bayan at masa, ating maipagwawagi ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya!"

Iginala ko ang aking paningin sa paligid, sa bawat mukha ng naroroong magsasaka, kababaihan, kabataan at bata, at sa mga Pulang mandirigma, na nagmula mismo sa masa. Nadama ko ang mahigpit na bigkis ng pagkakaisa ng hukbong bayan at magsasaka sa pulong na iyon.

Matulin pa rin ang agos ng ilog. Sumasalpok ang mga alon sa magkabilang pampang. Ang paghawi ng tubig sa bawat pagsagwan ay may init, bigwas at lamyos ng rebolusyonaryong himig ng mga Pulang mandirigma at masa. Maaliwalas ang kapaligiran, nahawi na ang mga ulap na lumalambong sa tuktok ng mga bundok.

Habang papalayo ang bangka, nararamdaman kong pati mga bundok ay sumasayaw sa himig ng rebolusyon.

